ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 2
Enero 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Itulak ang pagpapanagot sa mga Duterte at paglaban sa anti-mamamayang rehimeng Marcos

Taliwas sa hinihinging katarungan ng sambayanang Pilipino, nagbabagal-bagal ngayon si Marcos sa pagtulak ng *impeachment* o pagsasakdal sa Kongreso kay Vice President Sara Duterte, at sa pagpapa-aresto kay dating President Rodrigo Duterte para humarap sa International Criminal Court. Ito ay sa kabila ng naghuhumiyaw na mga ebidensya ng malalang korapsyon ni Sara, at mga krimen laban sa sangkatauhan ni Rodrigo.

Sinusunod ni Marcos ang payo ng among imperyalistang US na pahupain ang pakikipagsalpukan niya sa mga Duterte upang hindi maaligaga ang mga dayuhang monopolyo kapitalistang namumuhunan sa bansa. Sa halip na pakinggan ang sigaw ng taumbayan para sa katarungan, iniuuna ni Marcos ang konsolidasyon ng kanyang poder para unti-unting alisan ang mga Duterte ng kapangyarihan at impluwensya. Kabilang sa mga hakbanging ito ang ginagawang "loyalty check" at pagbalasa ng mga upisyal ng AFP at PNP at reorganisasyon ng National Security Council.

Pinakalayunin ni Marcos ang mas pahigpitin ang kontrol sa kapangyarihang pampulitika para pangalagaan ang pansariling burukrata-kapitalistang interes. Isang pangunahing pinagtutuunan ngayon ng pansin ni Marcos ay ang paparating na eleksyon sa Mayo. Ginagamit niya ang buong lakas ng estado at pondong pampubliko para tiyakin na makokontrol ng kanyang mga alipures ang Senado, Kongreso at mga lokal na gubyerno. Ang konsolidasyon ng poder ni Marcos ay ginagamit niya laban sa sambayanan at laban sa mga karibal niya sa pulitika.

Sa tangkang lunurin ang sigaw ng taumbayan para sa katarungan at sindakin ang mga kongresista at grupong nagtutulak ng *impeachment*, gumastos ang mga maka-Duterteng lider ng Iglesia ni Cristo ng daan-daang milyong piso upang tipunin ang milyong kasapi nito sa mga rali noong nagdaang linggo. Ginamit ang mapanlinlang na temang "pagkakaisa at kapayapaan" upang tabunan ang hinihingi ng bayan na katarungan at sigaw para papanagutin ang kinamumuhian nilang mag-amang Duterte.



Mahigit isang buwan na ang lumipas mula nang sunud-sunod na isinampa ang tatlong kaso ng *impeachment* sa Kongreso. Subalit sa kumpas ni Marcos, na nagsabing ang *impeachment* ay "pagsasayang ng panahon" at "hindi pa napapanahon," wala pa ni isa sa tatlong ito ang sinimulang iproseso. Pinalalabas ng iba na hinihintay ni Marcos na matiyak na hawak niya ang mayorya sa Senado upang siguradong mahatulan si Sara Duterte. Ang totoo, nagbibingi-bingihan si Marcos sa sigaw ng taumbayan at sinasag-

kaan at dinidiskaril ang inisyatiba ng iba't ibang demokratikong sektor na papanagutin si Sara Duterte at amang si Rodrigo.

Ang pag-aantala ni Marcos sa kaso ng pagpapatalsik kay Sara Duterte ay lalong gumagatong sa galit ng sambayanang Pilipino. Hindi nila maatim na makita na patuloy na namamayagpag ang bise presidente na pasimuno sa maanomalyang paglustay sa daan-daang milyong pisong pera ng bayan. At lalong hindi nila maatim na ang bilyun-bilyong pisong badyet ng reaksyunaryong gubyerno na nagmula sa binayarang buwis ng karaniwang mamamayan ay ibinubulsa ng mga tiwaling upisyal ng gubyerno, sa pangunguna ng burukrata-kapitalistang si Marcos.

Lalong lumalalim ang poot ng sambayanang Pilipino sa harap ng palala nang palalang krisis sa kabuhayan, laluna sa sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng pagkain, langis at iba't ibang bilihin sa unang mga linggo ng 2025. Patuloy na nagbibingi-bingihan si Marcos sa sigaw ng mga manggagawa at karaniwang kawani na itaas ang sahod at sweldo, na kulang na kulang para mabuhay nang disente ang mga pamilyang Pilipino.

Walang solusyon ang rehimeng Marcos sa matinding problema ng malawakang disempleyo, at hinahayaan na lamang ang mga tao na kanya-kanyang maghanap ng kanilang ikabubuhay. Mas malala pa, pinagkakaitan ng pagkakakitaan ang milyun-milyong magsasaka, mangingisda, mga drayber ng dyip at iba pang sektor sa harap ng tangka ng mga burges-kumprador at kasabwat na dayuhang mga kumpanya at bangko na agawin ang kanilang lupa at kabuhayan.

Sa harap ng malawak na pagdurusa at pagkasadlak sa kabuhayan ng taumbayan, papatinding panunupil ang tugon ng rehimeng Marcos sa tangkang busalan ang kanilang mga hinaing. Patuloy na dumarami ang kaso ng pagmamanman, panggigipit sa mga organisasyon, pagsasampa ng gawa-gawang kaso, pag-aaresto, tortyur at ekstra-hudisyal na pamamaslang laban sa karaniwang mamamayang nagbubuklod para ipaglaban ang kanilang interes at kapakanan. Todo-todo ang paggamit ngayon ni Marcos sa mga batas "kontra-terorismo" para sa panunupil sa mga karapatan. Mas malala ang sitwasyon sa kanayunan kung saan tahasang batas militar ang ipinapataw sa libu-libong mga barangay na kinokontrol at pinaghahari-harian ng mga pasistang sundalo.

Upang isulong ang kapakanan at karapatan ng masa ng sambayanang Pilipino, dapat puspusang bigkisin ang kanilang hanay at bigyan ng makapangyarihang hugis ang kanilang poot sa mga krimen at kasalanan ng mga Duterte, at sa nagpapatuloy na burukrata-kapitalista at pasistang paghahari sa ilalim ni Marcos. Ibayong palakasin ang malawak na nagkakaisang prente para tipunin ang lahat ng sektor, organisasyon at mga indibidwal sa panawagang panagutin ang mga Duterte. Dapat buuin ang iba't ibang anyo ng samahan at mga alyansa, pormal man o hindi pormal, upang mahikayat ang pinakamalawak na masa na lumahok sa iba't ibang anyo ng pagkilos at pamamahayag ng hinaing.

Kailangang mapagpasyang isulong ang demokratikong kilusang masa para papanagutin ang mga Duterte at palakasin ang laban sa paniningil sa mga Marcos at sa kabuuang burukrata-kapitalistang sistema. Napakainam ng sitwasyon upang pukawin ang masa at mabilis na palawakin ang kanilang organisadong hanay. Mataba ang lupa upang maramihang pausbungin ang mga unyon at samahang masa kapwa sa kalunsuran at kanayunan.

Sunggaban ang napakainam na sitwasyon upang isulong ang pang-ekonomya at pampulitikang mga laban ng masa at magkamit ng mga tagumpay sa kanilang mga pakikibaka. Dapat iugnay ang mga iyon sa paglaban sa rehimeng US-Marcos at sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong kilusan.

Dapat puspusang kumilos at ibayong magpakatatag ang mga kadre at kasapi ng Partido upang magsilbing ubod sa mga paglaban ng masa. Sila ang tanglaw at gabay sa pagsulong ng masa sa mahirap na landas ng paglaban. Dapat buuin ang mga lihim na organisasyong masa na tuwirang sumusuporta sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, at pumupukaw sa masa na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 2 | Enero 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Itulak ang pagpapanagot sa mga Duterte at paglaban sa anti-mamamayang rehimeng Marcos 1
Rebolusyonaryong patakaran sa eleksyon 3
Kilusang pagwawasto sa komiteng panrehiyon 4
Panggigipit sa mga kandidato ng Makabayan 5
Ulos 2024, inilathala ng Armas 5
Ika-56 na anibersaryo ng PKP, ipinagdiwang 5
Hambalos ng matataas na presyo ng bigas 6
Sa madaling salita 7
Sadyang pagpaslang sa Negros Island 8
Mga protesta 8
Trump, banta sa sangkatauhan 9
Ceasefire sa pagitan Palestine at Zionistang Israel 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Rebolusyonaryong patakaran sa panahon ng reaksyunaryong eleksyon

Upisyal nang nagsimula ang panahon ng reaksyunaryong eleksyon sa bansa noong Enero 12. Magtatagisan at magsusuwagan dito ang mga kandidato para masungkit ang hindi bababa sa 18,000 pusisyon sa gubyerno at pakinabangan ang burukrata-kapitalistang sistema. Maggigitgitan dito ang malalaking *warlord* at mga dinastiya sa pulitika at sabay-sabay nilang yuyurakan ang kapakanan ng mamamayan. Gamit nila ang kanilang mga armadong maton, pulis at pwersang militar.

Sa harap nito, mahigpit na ipatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ang umiiral na mga patakaran sa panahon ng reaksyunaryong eleksyon sa saklaw na erya ng operasyon. Sa atas ng Partido, titiyakin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pangangalaga sa kapakanan, mga karapatan at interes ng mamamayan.

Marapat na ipaalala sa lahat ng mga naghahabol ng pwesto sa reaksyunaryong gubyerno na ang mga patakaran ay mahigpit na ipatutupad sa mga rebolusyonaryong erya. Ang mga kandidato at kanilang mga tagasuporta ay pahihintulutang mangampanya alinsunod sa mga umiiral na alituntunin.

Pinagbabawalan ang mga pulitiko na magdala ng mga armadong maton at mga eskort na pulis at militar na karaniwang ginagamit para sindakin ang taumbayan. Ang iba pang anyo ng pamimilit, paggamit ng armadong karahasan ay hindi palalampasin, lalo na ng mga burukrata-kapitalista na gumagamit sa pondo ng bayan laban sa mamamayan. May bisa ang mga atas sa BHB na samsamin ang mga armas ng mga kandidato at kanilang mga armadong maton. Kung kailangan, ipatutupad ito sa pamamagitan ng mga tsekpoynt at iba pa.

Dapat targetin ng BHB ang mga yunit ng AFP at PNP, pati na rin ang mga armadong maton ng mga reaksyunaryong pulitiko, na gagamitin ang kampanya sa halalan sa mga larangang gerilya bilang pantabing sa mga operasyong paniniktik laban sa Partido, sa BHB, sa demokratikong gubyernong bayan at sa rebolusyonaryong masa.

Bago mangampanya sa mga rebolusyonaryong erya, kinakailangang magpabatid ang mga pulitiko at makipag-ugnayan sa mga lokal na yunit ng BHB. Mahalaga ang koordinasyong ito upang maiwasan ang anumang insidente, kabilang ang mga komprontasyon sa pagitan ng mga armadong maton ng magkakalabang pulitiko.



Tiyak na gagamitin ng AFP ang reaksyunaryong eleksyon para patindihin ang mga operasyong kombat nito, pampulitikang panunupil at pagkontrol sa mga barangay sa kanayunan sa balangkas ng gerang kontra-insurhensya. Sa kabilang panig, babatakin din nito ang AFP at PNP na obligadong ikalat sa iba't ibang bayan na tutukuying "red, orange at yellow-risk" batay sa tindi ng banggaan ng mga lokal na pulitiko, pati na "presensya" ng BHB. Ang mga yunit pangkombat ng AFP ay lehitimong target ng BHB.

Mahigpit na hinimok ng Partido ang mga kandidato na tanggihan ang mga alok ng armadong seguridad mula sa AFP, dahil ito ay ginagamit lamang ng militar upang isagawa ang pampulitikang panunupil. Madalas, ang mga burukratang pinapaboran ng militar ay sila ring nakikipagsabwatan sa pasistang kampanya ng panunupil sa kanayunan. Pinakalayunin ng kanilang mga operasyon na supilin ang paglaban ng mamamayan at protektahan ang interes ng mga malalaking panginoong maylupa, malalaking negosyo at mga dayuhang kumpanya sa pagmimina at plantasyon.

Sa kabila ng paulit-ulit na pagdeklara na iisa na lamang ang "mahinang larangang gerilya" ng BHB, inihayag ng Philippine Army na sila'y "nanatiling alerto at patuloy na magsasagawa ng mga operasyon para sa internal na seguridad" upang matiyak ang "kapayapaan at kaayusan" ng halalan. Ang mga operasyong ito ay nagtataguyod ng mga taktika ng "guns, goons and gold" na katangian ng lahat ng mga reaksyunaryong eleksyon. AB

Determinasyon ng mga komiteng panrehiyon na sumulong sa landas ng kilusang pagwawasto

Malinaw ang tugon ng iba't ibang komiteng panrehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa iba't ibang bahagi ng bansa sa kilusang pagwawasto na ipinanawagan ng Komite Sentral. Ipinahayag ng mga namumunong komite ang kanilang pagpupunyagi at patuloy na pagsisikap na iwasto ang mga naging kahinaan at pagkakamali sa nagdaang mga taon upang mapagpasyang makaabante sa iba't ibang larangan ng gawain sa kani-kanilang saklaw na erya ng operasyon.



Mga tagumpay sa Southern Tagalog

"Dapat ipagbunyi ang mga tagumpay ng kasalukuyang kilusang pagwawasto sa rehiyon," pahayag ng komite sa Southern Tagalog na inilabas ng kalihiman nito. Ibinahagi ng komite na pinagtibay, hinawakan at isinakatuparan ng Partido sa rehiyon ang mga tungkulin sa kilusang pagwawasto. Kabilang dito ang pagpapatapos sa kampanyang pag-aaral sa mga araling pampartido sa halos limang libong kasapi ng Partido sa kanayunan at kalunsuran.

Anito, kalakhan ng mga komite ng Partido ay matagumpay na nakapaglunsad ng kani-kanilang komprehensibong paglalagom sa kanilang praktika sa nakaraang limang taon. "Ang mga paglalagom na ito ay ibayo pang nagpalalim sa mga naunang natukoy na mga usapin sa mga pinagtibay na paglalagom sa antas ng komiteng rehiyon," pahayag ng Kalihiman.

Nakatulong din ang mga paglalagom para higit pang patalasin ang mga nasuri at natukoy na kamalian at kahinaan sa mga subrehiyon/probinsya at mga larangan bilang mga partikular na anyo ng empirisismo mula 2019 hanggang 2022. Dagdag ng kalihiman, "Tinukoy ang mababaw, panlabas at makaisang panig na pagsapol sa kalagayan at mga bagay, kamalian sa istatikong pagtingin sa mga bagay dahilan upang maging lipas ang hawak na kaalaman at hindi lumapat sa obhetibong kalagayan ang kaalaman at sa gayon ay [nakaaapekto sa] nabubuong mga plano't patakaran."

Ipinahayag ng Kalihiman na "determinado itong ibayo pang palalimin at palawakin at dalhin hanggang sa tagumpay ang kasalukuyang kilusang pagwawasto." Gayunman, makatotohanan ding ipinahayag nito na habang may malaking pagsulong ay hindi pa nagkakaroon ng mapagpasyang pihit sa pag-ampat sa mga pinsala at pag-atras ng mga rebolusyonaryong gawain at pwersa sa kanayunan at kalunsuran ng rehiyon habang may bahagi pang nagpapatuloy ang pag-atras.

Pagpupunyagi sa Negros Island

Tuluy-tuloy na pinagtitibay ng Komiteng Rehiyon sa Negros Island ang panawagan ng Komite Sentral para sa kilusang pagwawasto. Sa nagdaang taon, iniulat nito ang pagbabalik-aral ng Partido at mga kasapi sa nauna na nitong nabuo na 22 taong sumada ng rebolusyonaryong pakikibaka sa isla mula gitnang bahagi ng dekada 1990. Ibinahagi nila na ito ang tinuntungan ng Komite para sa 5-taong paglalagom para sa 2017-2022.

"Nakapag-ipon tayo ng ginintuang mga aral bilang matibay na batayan sa pangkabuuang plano at direksyon na higit pang makapagpapalakas sa pundasyon ng ating Partido," pahayag ng Komite hinggil sa pagsusuma. Tinukoy nito ang positibong karanasan ng kolektibong pagsusuma ng mga gawain ng bawat komite hanggang sa antas ng larangang gerilya.

Isinulong ng Komite ang kampanyang pag-aaral sa mga dokumentong inilabas ng Komite Sentral na dapat tuluy-tuloy na pag-aralan. Kabilang dito ang tatlong-antas na kurso ng Partido na isinagawa sa iba't ibang organo at masang kasapian batay sa naging plano sa edukasyon ng rehiyon. Lumitaw sa hanay nila ang bagong mga instruktor at mga bagong kasapi ng Partido.

Pagbabahagi pa nila, habang pinag-aaralan ang teoretikal na mga akdang ito, praktikal na nakatulong sa rehiyon ang kolektibong pag-aaral sa Rebolusyon, ang teoretikal na dyornal ng Partido, at mga memorandum mula sa Komite Sentral para pangibabawan ang mga maling gawi at ideya. Malaki umano ang naging tulong ng pagsasalin ng mga dokumento, kurso at babasahin tungong wikang Hiligaynon para sa mas madaling pag-unawa ng mga kasapi, laluna ang mga nagmula sa batayang uri.

Sa harap ng mga *focused military operations* (FMO) ng rehimeng US-Marcos, nakapagpunyagi ang Partido at hukbong bayan sa rehiyon sa tulong ng kilusang pagwawasto. Nagawa nitong palawakin ang kinikilusang erya ng limang larangang gerilya sa isla kung ikukumpara sa nakaraang taon. "Sa

Sundan sa pahina 5

Panggigipit sa mga kandidato ng Koalisyong Makabayan, tumitindi

SA PAPALAPIT NA halalang *mid-term*, tumitindi ang atake at panggigipit ng rehimeng Marcos at armadong pwersa nito laban sa mga kandidato at partido sa ilalim ng Koalisyong Makabayan.

Noong Enero 15, humarap sa Office of the City Prosecutor of Manila ang mga kandidato pagkasenador ng Makabayan para maghain ng kontra-salaysay sa kasong iligal na asembleya o paglabag sa Public Assembly Act o Batas Pambansa 880 na isinampa sa kanila ng mga pulis. Kaugnay nito ng kilos protesta noong Nobyembre 30, 2024, Araw ni Bonifacio, sa Mendiola sa Maynila.

Sampu sa 11 kandidato ng koalisyon ang idinawit sa kaso kasama ang nominado ng Bayan Muna Party-list, mga lider ng Alliance of Concerned Teachers at Alliance of Health Workers. Matatandaang nauna nang kinasuhan sina KMU Chairperson Elmer "Ka Bong" Labog at Nilo Mortifero, kasapi ng Bayan Muna na iligal na inaresto ng mga pulis sa araw ng protesta.

Noong Enero 10, naglabas ng memorandum ang Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) na nag-atas na "mahigpit na bantayan" ang mga bilanggong hinihinalang may kaugnayan sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) o mga alyado nito. Tinukoy rin sa atas na dapat bantayan ang kandidato pagkasenador na si ACT Teacher's Rep. France Castro dahil sa madalas na pagbisita sa bilangguan. Pinalalabas na inuutusan niya umano ang mga bilanggong pulitikal na kumubra ng pondo mula sa mga "drug trafficker" sa kulungan. Dumarami din ang natatanggap ni Castro na banta sa kanyang buhay.

Samantala, halos araw-araw ang paglalabas ng National Task Force-Elcac ng mga pahayag ng *Red-tagging* at pagpapakalat ng kasinungalinan laban sa Makabayan, mga partido at kandidato nito.

Ulos 2024, inilathala ng Armas

INILABAS NG Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) ang Ulos, pangkulturang dyornal, para sa 2024 noong Enero 13, araw ng ika-38 anibersaryo ng grupo. Ang isyu ng Ulos ay uminog sa tema ng tuluy-tuloy na pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon at pagpupunyagi ng Partido, hukbo at rebolusyonaryong masa sa balangkas ng kilusang pagwawasto.

Laman ng isyu ang mga sanaysay, tula, kwento, awit, dibuho at iba pang likhang-sining na naglalarawan sa mga sakripisyo at hinagpis sa buhay-at-kamatayang paglaban ng mga rebolusyonaryo. Inilalarawan sa mga pyesa nito ang bakal na pagkakaisa ng mga rebolusyonaryong pwersa sa masa at ang matiyagang paggagawaing masa para balikan ang naiwan at bumangon.

Ang isyu ng Ulos 2024 ay mayroong 150 pahina na naglalaman ng akdang nakasulat sa Pilipino, English, Iloko, Bisaya at Hiligaynon.

Maaaring kumuha ng kopya ng Ulos 2024 sa *philippinerevolution.nu* o humingi ng kopya mula sa *e-mail* na *ulos@ndfp.org.* Umantabay lamang sa bagong anunsyo ng Armas at Ulos para sa pangangalap ng mga kontribusyon sa susunod na edisyon nito ngayong taon.

Ika-56 na anibersaryo ng PKP, ipinagdiwang sa South Quezon Bondoc Peninsula

SIMPLE, PERO MAKABULUHAN ang pagdiriwang ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Quezon (Apolonio Mendoza Command) sa ika-56 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Inilunsad nila ang estilong kapehan na paggunita sa isang larangan sa South Quezon-Bondoc Peninsula (SQBP).

Sa programa, pinarangalan ng yunit ang mga martir ng Quezon sa nakaraang taon. Nagbigay ng pahayag ng pakikiisa ang mga bisitang dumalo na nagmula sa mga alyadong samahan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) kagaya ng Kabataang Makabayan at Artista at Manunulat ng Sambayanan.

Bago pa ang Kapehan ay nagbasa at nag-aral ang Pulang hukbo ng pahayag ng Komite Sentral at mensahe ng Kalihiman ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Southern Tagalog sa anibersaryo ng Partido. Pinagtibay ng mga pahayag at mensahe ang panawagang "Magwasto at Sumulong!" na siya ring tema ng Kapehan.

Parte rin ng selebrasyon ang pagsasalo-salo sa kaunting handang pagkain, bahaginan ng karanasan sa nagdaang taon, pagbuburda, pagdodrowing, kantahan at pagbabasa ng ilang librong Marxista-Leninista-Maoista.

Mula sa pahina 4

gitna ng mga sakripisyo at hirap sa pagsulong ng armadong rebolusyon, napigilan ang "trend" ng pag-atras. Sa halip, lumago ang BHB ngayong taon kumpara sa nakaraang taon," anang Komite.

Lumitaw ang panibagong lakas na may kumpyansa sa hanay ng mga Pulang mandirigma dahil sa naabot na konsolidasyon at mga pagsasanay sa pulitiko-militar. Hindi bababa sa 36 na mga opensiba ang inilunsad ng Pulang hukbo sa nagdaang taon. Nakumpiska nito ang 17 mga armas, bala at iba pang kagamitang militar na mag-aarmas sa bagong mga rekrut ng BHB. Naging tugon ito ng BHB sa panawagan para sa hustisya ng napakaraming biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao ng militar at pulis. AB

Hambalos ng matataas na presyo ng bigas at ibang bilihin sa mamamayang Pilipino

Imbes na bigas na tig-₱20 kada kilo, kamatis na tig-₱20 kada piraso ang sumalubong sa mga Pilipino pagpasok ng 2025. Bago magtapos ang Enero, iindahin din ng mamamayan ang aabot sa 10% pagtaas sa presyo ng 60 batayang produkto, hanggang ₱2.70/litro muling pagsirit ng mga produktong petrolyo, at patong na ₱15 kada biyahe sa LRT. Ang mga dagdag pasaning ito ay papatong sa nauna nang ibinalitang dagdag singil sa kuryente at tubig at dagdag kaltas sa sweldo ng mga naghuhulog sa SSS o Social Security System. (*Tingnan ang kaugnay na artikulong "Mala-sakunang pinsala ang hatid ng rehimeng US-Marcos sa mamamayan," Ang Bayan, Enero 7, 2025*).

Hindi lamang inutil, pananagutan mismo ng rehimeng Marcos ang tuluy-tuloy na pagtaas ng singil at presyo ng mga bilihin, laluna ng bigas, na nagpapasadsad sa kalidad ng buhay ng mga Pilipino. Imbes na palakasin at suportahan ang lokal na produksyon ng bigas, lalo nitong ibinukas ang lokal na merkado sa pagbaha ng mahal na imported na bigas. Palpak ang patakarang pagbabawas ng taripa sa imported na bigas na ipinatupad bilang pabor sa malalaking importer at ismagler ng bigas.

Inamin mismo ng mga upisyal ng Department of Agriculture sa mga pagdinig sa Kongreso noong Disyembre 2024 at nitong Enero ang kainutilan ng pagbaba ng taripa para ibaba ang presyo ng bigas. Anila, bumaba ang "landed cost" ng imported na bigas nang hanggang ₱8 pero nananatiling lampas ₱50 ang presyo ng inangkat na bigas sa merkado. Laganap ang *hoarding* (pagtatago ng suplay) para panatilihing mataas ang presyo. Noong Disyembre 2024, ang abereyds na presyo kada kilo ng *well-milled* na bigas ay ₱54.97. Ito ay 23.3% o ₱10 mas mataas kaysa ₱44.54 kada kilo noong Disyembre 2023. Sa kabilang banda, bumagsak nang hanggang ₱10 ang bilihan ng lokal na palay kada kilo sa parehong panahon.

Resulta ng walang awat na pagtaas ng presyo ng pagkain at iba pang bilihin ang pagbagsak ng tunay na halaga ng piso. Noong 2024, ang tunay na halaga ng isang daang piso ay ₱79 na laman. Ang nabibili noong 2018 na ₱100 ay mangangailangan na ngayon ng ₱121.

Sangkatlo ng pinagkakagastusan ng mga pamilyang Pilipino ay pagkain. Sanhi nito, mas mataas ang tantos ng implasyon sa pinakamahihirap na pamilya. Anumang pagtaas sa presyo, gaano man ito kaliit, ay magdudulot ng pagbulusok sa kanilang kakayahan na bumili at tugunan ang kanilang batayang mga pangangailangan.

Sunud-sunod na sakuna

Pinalala ang matataas na presyo ng bilihin ng pinsalang idinulot ng sunud-sunod na sakuna at kainutilan ng rehimen na tugunan ang pangangailangan ng mamamayan sa harap nito. Ang hambalos ng importasyon ay laong pinatindi ng pagpasok ng siklo ng isa sa pinakamatinding El Niño Southern Oscillation (ENSO) mula pa kalagitnaan ng 2023. Sa unang hati ng 2024, pumalo ang buntot ng El Niño na nagresulta sa matinding tagtuyot sa 12 prubinsya. Napinsala nito ang kabuhayan ng mahigit 300,000 magsasaka sa 17 prubinsya at sumira sa pananim na nagkakahalaga ng ₱15.3 bilyon.

Sinundan ang tagtuyot ng malalakas na pag-ulan, bagyo at ulang hatid ng *shearline* (kung saan nagbabanggaan ang mainit at malamig na hangin) na nagdala naman ng mga pagbaha at pagguho ng lupa at umanod sa mahihinang tulay, kalsada at gusali. Dumaan sa bansa ang 18 bagyo noong 2024. Magkakasunod na humambalos ang anim na bagyo noong Oktubre 27, 2024-Nobyembre 18, 2024 na puminsala sa ari-arian at kabuhayan ng 15 milyong katao sa 17 rehiyon, pinakamarami at pinakamatindi sa Bicol, Cagayan Valley, Central Luzon at Ilocos. Umabot sa ₱21 bilyon ang pinsala ng anim pa lamang na bagyong ito sa agrikultura at imprastruktura. Sa kasagsagan ng mga bagyo, umabot sa 2.9 milyong katao ang napilitang lumikas.

Sa pagtaya ng ahensyang Pagasa, makararanas ang bansa ng 6-8 bagyo sa unang hati ng 2025, dulot ng pagpalo ng penomenang La Nña na bahagi ng ENSO. Ang La Nina ay dala ng mas malamig kumpara sa normal na temperatura sa karagatan sa Pacific, kung saan namumuo ang mayorya ng sama ng panahon.

Nitong Enero lamang, maraming bayan at sakahan sa Eastern Visayas, Bicol at Davao ang nalubog sa baha dulot ng tuluy-tuloy na ulan at malalakas na hangin. Tulad ng milyun-milyong napinsala, marami sa kanila ay walang natatanggap na tulong mula sa reaksyunaryong gubyerno para makabangon mula sa sakuna. AB



SA MADALING SALITA

₱22.6 B

pondong pangkalamidad ang nagastos ng NDRRMC noong 2024 para sa *relief and rehabilitation*, na kalakhan (₱12.09 bilyon o 53%) ay napunta sa DPWH.

Ang DSWD ay nakatanggap lamang ng ₱8.135 bilyon, habang ang DA at ahensya ng pabahay ay nakatanggap ng ₱500 milyon at ₱374.970 milyon.

₱129.39 M

pinsala sa mga sakahan dulot ng pagsabog at tuluy-tuloy na pag-alburuto ng **Bulkang Kanlaon** sa isla ng Negros. Apektado nito ang 1,431 magsasaka.



18,280

pusisyon sa senado, kongreso at mga lokal na gubyerno ang bukas para sa mga kandidato sa eleksyon sa Mayo 2025.

₱1 bilyon

kada isa ang napabalitang ginastos ng 2 kandidato pagkasenador (**Marcos, Villar**) para sa patalastas noong Enero-Setyembre 2024 bago pa pumasok ang kampanya sa eleksyon.

₱9.5 B

isiningit ng mga kongresista sa pondo para sa AICS ng DSWD, programang pang-ayuda na katulad ng **AKAP**, na nagtaas sa badyet nito tungong ₱44.744 bilyon. Tulad ng AKAP, pwede itong ipamahagi sa panahon ng eleksyon.

25%

ang inilaki ng yaman ng tatlong pinakamayamang Pilipino (**Enrique Razon, Manuel Villar, Ramon Ang**), mula ₱947.3 bilyon noong 2023 tungong ₱1.5 trilyon noong 2024. Ang tatlong ito ang may-ari ng mga kumpanya sa tubig, kuryente at enerhiya na walang awat na nagtaas ng singil noong 2024.

6 MILYON

naimprenta nang balota na nagkakahalagang ₱150 milyon

ang kailangang sirain at muling iimprenta ng Comelec matapos ipag-utos ng Korte Suprema na ibalik ang mga pangalan ng ilang kandidatong nilaglag ng ahensya.



38,000

sa 89,000 ektaryang lupang tinatamnan ng saging pang-eksport sa Mindanao ang hindi na nagagamit dahil kontaminado ang lupa dito ng sakit na Banana Fusarium Wilt Tropical Race 4 o TR4. Di rin mabubuhay dito ang ibang halamang-pagkain.

Sadyang pagpaslang, iligal na pag-aresto at pambubugbog, naitala sa Negros Island

Walang-tigil ang karahasang militar na inihahasik ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Negros Island. Sa unang mga linggo pa lamang ng Enero, mayroon nang mga kaso ng ekstra-hudisyal na pagpaslang, iligal na pag-aresto at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao ang mga berdugo.

Pagpatay. Sadyang pinaslang ng mga sundalo ng 15th IB ang naaresto nitong Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr Command) na si Rodney Lumanog (Ka Wanny) noong Enero 10 sa Sityo Cambogui-ot, Barangay Camindangan, Sipalay City, Negros Occidental. Ayon sa yunit ng BHB, buhay na nadakip si Ka Wanny kasunod ng isang armadong labanan sa naturang lugar.

Ayon sa mga ulat, tinortyur siya bago pinaslang ng mga sundalo. Mayroong kapansanan sa paa si Ka Wanny dahil sa isang operasyon noon pang dekada 1990 at pinalitan ng *stainless* ito.

Pag-aresto. Sa Sityo Palosais, Barangay Mahalang, inaresto ng 94th IB ang isang nagngangalang Dado Sanchez noong Enero 14. Ayon sa mga residente, nagtungo ang biktima sa kanyang ulingan at pagkatapos ay hindi na nakabalik. Pinilit umano ng mga sundalo si Sanchez na magsilbing giya sa operasyong kombat ng mga ito.

Sa Sityo Nahulop, Barangay San Antonio, dinakip ng mga sundalo sina Aira Gonzales at Alfredo Hilado noong Enero 15. Binugbog naman ang asawa ni Gonzales na si Joseph at ang kasama niyang kapitbahay. Pinalalabas na nakumpiska sa kanila ang isang .45 kalibreng pistola, mga *command-detonated explosive*, at mga dokumento. Sa araw ding iyon, ligal na kinumpiska ng mga sundalo ng 94th IB ang mga selpon ng mga residente ng Sityo Nahulop.

Pagbabanta. Noong Enero 3, pinagbantaan ng mga sundalo ng 94th IB na babarilin ang mag-asawang Tasi at kanilang mga kapitbahay sa Sityo Kambudlis, Barangay Mahalang.

Panggigipit. Sinampahan ng kasong "terrorism financing" ang dalawang upisyal ng United Methodist Church (UMC) at isang drayber noong Disyembre 2024. Pinararatangan ng mga pwersa ng estado sina Rev. Julius Neri Camannong at Rev. Joel Ordaneza ng UMC sa Zamboanga Sibugay, at drayber na si Romeo A. Russell na nagbigay ng tulong pinansyal sa mga "terorista."

Ang kaso ay kaugnay ng pagbibigay sangtwaryo ng mga pastor sa ginigipit na mga tagapagtanggol na karapatang-tao nong Enero 2024 sa Zamboanga Sibugay. Ginamit na batayan ng mga pulis ang salaysay ng dating aktibista at ngayo'y ahente ng estado na si Nelson Bautista Jr para kasuhan ang mga biktima. AB



***Disbar* Duterte!** Naghain ng reklamong *disbarment* o pagtatanggal bilang abugado laban kay dating pangulong Rodrigo Duterte sa Korte Suprema ang mga biktima ng kanyang kampanya ng pagpaslang at panunupil noong Enero 17. Kabilang sa 17 nagsampa ng reklamo sina Atty. VJ Topacio, anak ng pinaslang na mag-asawang rebolusyonaryo na sina Eugenia Magpantay at Agaton Topacio, si Liezel Asuncion, asawa ng lider-aktibistang pinatay na si Manny Asuncion at Llore Pasco, ina ng dalawang pinaslang sa “gera kontra droga".

Pagtaas ng matrikula sa UST at NTC, tinutulan. Nagprotesta ang mga estudyante ng University of Sto. Tomas (UST) sa kampus nito sa Manila noong Enero 14 para batikusin ang *tuition and other fees increase* (TOFI) sa unibersidad. Pinangunahan ang pagkilos ng pambansa-demokratikong grupo sa loob ng UST. Noong nakaraang akademikong taon sa UST, pumalo sa 6% ang pagtaas sa matrikula, at para sa akademikong taon ng 2023-2024 ay nahaharap ang mga estudyante sa pagtaas na aabot sa 4%-10% depende sa kolehiyo.

Sa National Teachers College sa Maynila, higit 100 estudyante ang pumirma sa petisyon na pinangunahan ng Ayokong Magmahal NTC upang tutulan ang nakaambang TOFI. Isinagawa ang aktibidad kasabay ng "konsultasyon" noong Enero 16 hinggil sa panukalang pagtaas ng matrikula ng NTC.

Planong taas-pasahe sa LRT, binatikos. Sinalubong ng protesta ng mga kabataan at estudyante ang unang byahe ng LRT-1 Doroteo Jose Station sa Sta. Cruz, Manila noong umaga ng Enero 15. Tinutulan nila ang planong ₱15 maksimum na taas-pasahe na itinutulak ng Light Rail Manila Corporation, ang kumpanyang nagpapatakbo sa serbisyong LRT sa Metro Manila. Noong Enero 9, dumalo ang mga kinatawan ng mga progresibong organisasyon sa pampublikong pagdinig hinggil sa taas-pasahe na isinagawa ng Department of Transportation. Ipinahayag nila dito ang matinding pagtutol.

Welga sa Handyman. Nagkasa ng welga noong Enero 6 ang mga manggagawa ng Handyman-True Value-Pet Lovers Empowered Workers Union sa pangunahing *depot* ng Handyman sa Manila Bay Spinning Mills Compound sa Marikina City. Natulak silang lumipat at itayo ang piket sa hedkwarters ng Robinsons Retail Holdings Inc, (RRHI) may-ari ng Handyman sa Quezon City dahil sa iligal na pagbuwag sa kanilang welga. Tugon ito ng unyon sa iligal na tanggalan sa hindi bababa sa 122 manggagawa noong Nobyembre 2024. Tinanggal sila ng RRHI dahil sa pagtataguyod sa kanilang unyon.

Pangalawang paghahari ni Trump, banta sa mga manggagawa at mamamayan sa US at buong mundo

Noong tanghali ng Enero 20 sa Washington DC, nanumpa si Donald Trump bilang ika-47 presidente ng US at pinuno ng pinakamapandigmang imperyalista sa mundo. Muli siyang uupo sa poder matapos ang una niyang termino noong 2016-2020. Tatayo siyang presidente sa isang senado at kongreso na dominado ng kanyang mga ka-partido. Dumalo sa kanyang pagpapasinaya ang kanyang mga tagasuportang bilyunaryo katulad nina Elon Musk, Jeff Bezos at Mark Zuckerburg, mga may-ari ng pinakamalalaking kumpanya sa teknolohiya sa buong mundo.

Sa kanyang talumpati, tinotoo ni Trump ang mga neopasista at imperyalistang patakarang una nang itinambol na ipatutupad ng kanyang rehimen.

Nagdeklara siya ng "national emergency" para isagawa ang "pinakamalaking programa sa deportasyon sa kasaysayan ng Amerika" na pagpapatuloy sa kontra-migrante at rasistang patakaran ng kanyang unang panunungkulan. Kabilang sa target ideport ni Trump ang tinatayang 370,000 Pilipinong hindi dokumentado sa US. Ipagpapatuloy din niya ang pagtatayo ng "border wall" o pader sa hangganan ng US at Mexico at pagpapahigpit sa mga patakaran ng migrasyon.

Sa kanyang unang araw, inianunsyo niya ang ilan sa mga kautusang ehekutibo na balak niyang ilabas. Kabilang dito ang di bababa 10 patakaran sa imigrasyon, pagtanggal sa pagkilala ng ibang kasarian sa gubyerno, pag-alis ng US sa kasunduan kaugnay sa pagbabago ng klima (Paris Climate Accords) at pagtatanggal ng regulasyon sa produksyon ng langis at LNG.

Patuloy ding tutugisin ni Trump ang mga grupong demokratiko at progresibo at maging ang mga institusyong nagtataguyod ng mga karapatang sibil at kontra sa militaristang patakaran ng imperyalistang US.

Sa kabilang panig, palalawakin ni Trump ang pribilehiyong ibinibigay sa paborito niyang mga monopolyo kapitalista sa larangan ng teknolohiya, enerhiya, pinansya, *real estate* at industriya ng armas. Nangako siyang "paliliitin ang gubyerno" para tanggalin ang mga regulasyon sa mga monopolyong kumpanya sa kapinsalaan ng mga kawani at manggagawang Amerikano. Kasabay nito, ibababa niya ang buwis sa pinakamalalaking kumpanyang Amerikano, mula 21% tungong 18%. Hindi bababa sa 13 bilyunaryo ang nakatakdang maging bahagi ng kanyang gabinete.

Lalong pinalalakas ni Trump ang kanyang agresibong patakaran sa ugnayang panlabas. Bago maupo sa poder, aangkinin (pwersahan man o bibilhin) ang Greenland, isang islang may sariling gubyernong may awtonomya na nakapailalim sa Denmark. Pinaglalawayan ni Trump ang isla dahil sa halaga sa estratehiyang militar ng US. Sa kanyang talumpati, inulit niya ang bantang aagawin ang Panama Canal, kung saan dumadaan ang 40% ng mga kalakal na iniimport at inieksport ng US.



Para arestuhin ang pagsadsad ng produksyon sa US, bukambibig ni Trump sa panahon ng kampanya ang pagtataas ng taripa (10%-20%) sa lahat ng mga produktong pumapasok sa US mula sa ibang bansa, kabilang ang mula sa Pilipinas. Pinakamataas ang balak niyang ipataw na taripa (hanggang 60%) sa mga produkto mula sa China, na itinuturing ng US bilang estratehikong karibal.

Kasabay nito, inaasahang patuloy na magpapataw si Trump ng mga sangsyon o hakbanging panggigipit sa ekonomya ng Venezuela, Cuba, Iran at mga bansang nagtataguyod ng kanilang kasarinlan.

Sa ilalim ni Trump, walang inaasahang pagbabago sa mapandigmang pakikitungo ng US sa karibal nitong mga imperyalistang China at Russia. Sa likod ng kanyang mga pahayag na "kontra-gera" ang militaristang paninindigang "kapayapaan sa pamamagitan ng lakas." Ang itinutulak niyang tigil-putukan sa pagitan ng Russia at Ukraine ay nakaangkla sa pagtanggap ng Russia sa mga kundisyon ng US. Habang pinakikitunguhan ang Russia at Ukraine, pinalalakas ni Trump ang kanyang ugnayan sa maka-Kanan at neo-

Sundan sa pahina 10

Tigil-putukan sa pagitan Palestine at Zionistang Israel, sinimulan na

Matapos ang 460 araw na brutal na pambobomba at paglusob ng Zionistang Israel sa Gaza, nabuo ang kasunduan sa tigil-putukan sa Gaza Strip. Inianunsyo ito noong Enero 16 ng gubyerno ng Qatar, ang nagsilbing tagapamagitan sa usapan, kasama ang US at Egypt. Nagkabisa ang unang yugto ng kasunduan noong Enero 19.

Sa isang pahayag, pinuri ng Hamas ang katatagan at kadakilaan ng mamamayang Palestino na tumulak sa Israel na sumang-ayon sa isang tigil-putukan. Malaking pihit ang kasunduan sa harap ng pangako ng Israel na hindi nito ititigil ang pananalakay hanggang sa "absolutong tagumpay." Binigo ng mga Palestino ang plano ng Israel na palayasin sila at gapiin ang kanilang hangarin para maging malaya sa okupasyon at agresyon nito.

"Ang kasunduan upang wakasan ang agresyon sa Gaza ay isang tagumpay ng ating mamamayan, ng ating paglaban, at ng malayang mamamayan ng mundo," ayon sa Hamas. Pinangunahan ng Hamas, kasama ang Palestinian Islamic Jihad, Popular Front for the Liberation of Palestine at iba pang grupong Palestino ang magiting na pagtatanggol sa Gaza sa loob ng 15 buwan. Nagpasalamat ang mga grupo sa lahat ng suporta sa kanilang paglaban sa ibayong dagat.

Pinarangalan nila ang ang mga namartir na mandirigmang Palestino sa kanilang "magiting at matatag na paglaban" sa harap ng brutalidad ng Israel at US. Ipinagluksa nila ang lahat ng mga inosenteng bata na pinaslang at lahat ng inapi at pinahirap ng Zionistang estado.

Dadaan sa tatlong yugto ang tigil-putukan. Ang una ay katatampukan ng agad na pagtigil sa labanan at pagpapalaya ng Hamas sa hawak nitong 33 Israeli (mga bata, babae at matatandang edad 50 pataas) kapalit ng pagpapalaya ng Israel ng hanggang 1,000 bilanggong Palestino. Sa yugtong ito, oobligahin ang Israel na umatras mula sa mga sentro ng populasyon ng Gaza at bigyang daan ang pagpasok ng higit na kinakailangang ayuda para sa mga pamilyang Palestino.

Sa pangalawang yugto magaganap ang lubos na pag-atras ng Israel sa Gaza at dagdag na palitan ng mga bilanggo. Sa pangatlong yugto sisimulan ang rekonstruksyon ng teritoryong pinulbos ng mga *airstrike* ng Israel. Lahat ng mga detalye sa pangalawa at pangatlong yugto ay isasalang sa negosasyon habang ipinatutupad ang unang yugto ng kasunduan, na tinatayang magtatagal ng tatlong linggo.

Binati ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), kasabay ng mga demokratikong organisasyon sa buong mundo ang tigil-putukan. Gayunpaman, batid ng lahat na hindi nito tinatapos ang Zionistang okupasyon at gerang henosidyo. Sa araw mismo ng anunsyo noong Enero 16, nagsagawa ang Israel ng panibagong serye ng pambobomba. Sa loob ng 24 oras, 101 Palestino ang napatay at 264 ang nasugatan sa mga *airstrike* nito.

"Saluduhan natin ang lahat ng mga mandirigma sa kanilang katapangan at galing sa paglaban para magkamit ng mga tagumpay para sa mamamayang Palestino sa larangan ng digma at negosasyon," ayon sa PKP. Ipinakita ng mamamayang Palestino na gaano man katindi ang terorismo ng Israel, hindi nito naggapi ang kanilang diwang palaban at determinasyon na maabot ang kanilang inaasam na paglaya.

Noong Enero 17, umabot na sa 46,788 Palestino ang pinatay ng Israel sa pinaarangkadang gerang henosidyo nito sa Gaza sa nakaraang 15 buwan. Kabilang dito ang 18,000 mga bata. Nasa 110,265 ang sugatan, kung saan 25% ay lubhang nasugatan. Mahigit 90% ng populasyon ng Gaza ay napalayas sa kanilang mga tirahan. AB

Mula sa pahina 9

pasistang mga partido at rehimen sa EU.

Inaangkin ni Trump ang pagkakabuo ng kasunduang tigil-putukan sa Gaza Strip, na nagsimula sa Enero 19. Walang katiyakang magtatagal ang kasunduang ito, lalupa't kilala ang Israel sa kawalang-galang sa anumang alituntunin at kasunduan. Katunayan, araw-araw nitong nilalabag ang tigil-putukang pinasok nito sa Lebanon.

Ipagpapatuloy ni Trump ang maka-Zionista at mapandigmang patakaran sa Middle East. Mula pa sa kanyang unang termino, buo ang kanyang suporta sa rehimen ni Benjamin Netanyahu at sa okupasyon ng Zionistang estado sa mga teritoryo ng Palestine at lampas pa. Pinuri niya ang Abraham Accords kung saan ipinatanggap at ginawa niyang lehitimo ang pakikipag-ugnayan ng Zionistang estado sa mga bansang Arabo.

Tiyak na patitindihin ni Trump ang panunulsol ng US ng gera sa China. Ang rehimen ni Trump ang nagbuo noong 2017 sa estratehiyang Free and Open Indo-Pacific, na nagtulak para sa mas malawak na presensyang militar ng US sa Asia, partikular sa South China Sea. Idineklara na ng napili niyang kalihim ng state department na "kukumprontahin" ni Trump ang China, pangunahin sa pamamagitan ng pag-aarmas at pakikialam nito sa Taiwan. Matatandaang si Trump ang unang nagpatupad ng Enhanced Defense Cooperation Agreement sa Pilipinas at nagtulak para sa unang limang base militar ng US sa bansa. AB